# Mga Proteksyon ng Manggagawa sa Paghihiganti sa Panahon ng COVID-19 na Pandemya

## Protektado ka ng batas. Makakatulong ang Opisina ng Komisyonado ng Paggawa.

## Ano ang paghihiganti?

Kung natanggal ka sa trabaho, o nabawasan ang iyong sahod o oras ng trabaho dahil sa paggamit sa iyong mga karapatan sa trabaho sa ilalim ng mga batas ng California, iyan ang paghihiganti, at ito ay labag sa batas. Labag sa batas din para sa iyong tagapag-empleyo na magbanta na isumbong ka sa mga awtoridad sa imigrasyon dahil sa pagsunod sa mga batas ng California. Ang lahat ng manggagawa sa California ay protektado ng mga batas sa trabaho, kabilang ang mga proteksyon sa paghihiganti, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Patuloy ang mga ito na magiging iyong mga karapatan at mga proteksyon sa panahon ng COVID-19 na pandemya.

Ang mga aktibidad na protektado mula sa paghihiganti sa ilalim ng batas ng California ay kinabibilangan ng:

- Pagsasalita tungkol sa hindi ligtas na mga kondisyon o mga hindi nabayarang sahod
- Pagtatangging magtrabaho sa mga hindi ligtas na kundisyon
- Pag-uulat ng hindi ligtas na lugar sa trabaho o paglabag sa paggawa
- Paghahain ng paghahabol sa sahod para sa mga hindi nabayarang sahod
- Pagtutulong sa isang imbestigasyon sa iyong tagapag-empleyo

## Paano kung ang aking tagapag-empleyo ay binabawasan ang aking oras, tinatanggal ako sa trabaho o nagbabantang tawagan ang imigrasyon?

Kung pinarusahan ka nga ng isang tagapag-empleyo, maaaring kailanganin nilang ibalik ka sa trabaho, bayaran ang iyong mga nawawalang sahod at/o magbayad ng mga multa.

## Paano maghain ng reklamo sa paghihiganti:

Ang Opisina ng Komisyonado ng Paggawa ay hindi magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o iulat ang iyong katayuan sa imigrasyon sa ibang mga ahensya ng gobyerno.

Online sa **dir.ca.gov/dlse/dlseRetaliation.html**

Sa personal sa anumang lokasyon ng Opisina ng Komisyonado ng Paggawa. Maghanap ng isang lokasyon sa **dir.ca.gov/dlse/districtoffices.htm**

Sa pamamagitan ng telepono sa **833-526-4636**

Sa pamamagitan ng email sa **retaliation@dir.ca.gov**

### Mga pinakamahusay na kasanayan para maprotektahan ang iyong sarili mula sa paghihiganti:

**Magdokumento**
- Mga pagbabago sa mga kondisyon sa trabaho
- Mga detalye ng anumang mga pagbabanta
- Mga komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong tagapag-empleyo

**Kilalanin**
- Mga saksi na nakarinig o nakakita

**Maghain**
- Sa loob ng isang taon mula sa gawaing paghihiganti
- Isumite ang mga dokumento o impormasyon sa Opisina ng Komisyonado ng Paggawa
- Tumawag o mag-email kung kailangan mo ng anumang tulong, atbp.

SAFER AT WORK CALIFORNIA ALL saferatwork.ca.gov